# Prologue

Natulala si Shammy sa binatang naglalaro ng basketball sa gitna ng court. He was a sight to behold. The man looked effin' handsome as he carelessly tossed his hair. Hindi siya magtataka kung may makapa siyang laway sa gilid ng kanyang bibig.

Tumalon ang puso niya nang makitang tumingin ito sa kanya at masiglang kumaway. Her heart pounded insanely against her chest. Bahagya niyang nilingon si Leng na nakatayo sa likuran niya.

"Bakit walang may nagsabi sa 'king bumaba na ang pinakaguwapong nilalang sa sangkatauhan?" kinikilig niyang usal. Hindi sumagot ang kaibigan. Tipid lang itong ngumiti.

"Shit, papunta siya rito," nag-iinit ang mga pisnging bulalas niya.

Tapos na ang game at nagpapa-picture na lamang ang mga estudyante sa mga players. Pakiramdam niya ay may bumalandra sa butas ng kanyang ilong sapagkat nahirapan siyang humugot ng hangin.

Sinalubong niya ang matiim na tingin ng lalaki at sinuklian ang matamis nitong ngiti. The man had

captured her heart effortlessly. Ito na ba ang sinasabi nilang 'love at first sight'?

"Hi!" bati nito.

"H-hi," ganting-bati niya.

Nagulat siya nang imbis na tumigil sa harapan niya ay lumampas ito nang kaunti. At sa gulat niya ay kinintalan nito ng magaang halik sa labi ang kaibigan niyang si Leng.

She was deeply humiliated!

"Shammy, si Keefe nga pala, boyfriend ko," pakilala ni Leng sa binata, "and Keefe, this is my friend, Shammy."

"So, ikaw si Shammy. I've heard a lot about you," magiliw nitong sabi na naglalaro ang nanunudyong ngiti sa mga labi.

"Ah, ganoon ba," kimi niyang sagot. Dalangin niya na sana ay hindi pa siya nagmumukhang hinog na kamatis. Marahan siyang tumikhim upang alisin ang bara sa kanyang lalamunan. "Maiwan ko na muna kayo. May pupuntahan pa ako, eh." Pilit niyang pinasigla ang boses. Mamamatay muna siya bago niya amining nagdadalamhati ang puso niya sa sakit at selos.

Tango ang naging tugon ng magkatipan. Mabilis na siyang naglakad palayo.

---

Hindi birong self-control ang ginawa ni Keefe upang ikulong sa lalamunan ang kanina pang pinipigil na tawa. Nakalarawan sa magandang mukha ng umalis na dalaga ang pagkadismaya. Namumula ang mukha nito sa hiya.

*She looked really cute*, he thought.

Nasa gitna siya ng court kanina nang mahagip ng tingin ang dalagang nakatayo sa bleachers area. Hers was the prettiest face he had ever seen. Ilang segundo rin niyang nakalimutang huminga. Pinagalitan niya ang sarili nang maalalang may nobya na siya. Nakaramdam siya ng bahagyang kudlit ng panghihinayang at pagtutol sa puso niya. Something was telling him that the girl, Shammy, was special.

Ito naman talaga ang kinawayan at nginitian niya, pinalabas niya lamang na para iyon sa kanyang nobya dahil hindi tama ang kanyang inakto. Pilit niyang itinaboy ang mahiwagang damdamin na bihuhay ng dalaga sa kanyang puso.

# 1

"Ma'am Shammy! Ma'am Shammy!" Nagmamadaling mga katok ang gumising sa nahihimbing na diwa ni Shammy.

Ang kasambahay na si Minda ang napagbuksan niya. Magulo ang buhok nito at nangangalumata.

"Ma'am Shammy, nagwawala po si Sir Keefe sa ibaba. Lasing na lasing!" taranta nitong pagbibigay-alam.

Nanlaki ang mga mata niya. Mabilis siyang pumanaog at nadatnan niyang pinagbabasag ng asawa ang mga bote ng beer. He was a mess!

"Keefe, tama na please." Kaagad niyang nilapitan ang asawa at niyakap, di alintana kung masugatan siya o sa kanya nito ibunton ang galit.

"Stay away from me! You ruined my life! You ruined us!" singhal nito, nanlilisik ang mga mata.

Hindi nakaligtas sa pandinig niya ang huling katagang binanggit nito. *Us*. Para siyang tinarakan ng matalim na punyal sa dibdib. Ramdam niya ang ibayong sakit sa sulok ng puso niya. Batid niyang

hindi siya mahal ng asawa subalit bakit sa araw-araw na ginawa ng Diyos ay sinasampal siya ng katotohanang iyon?

*Guilt*, sagot niya sa sarili niyang tanong.

Sinira niya ang magandang samahan ng dalawang taong wagas na nagmamahalan kaya nararapat lang na anihin niya ang karma ng mga kamaliang ginawa niya.

“Why are you doing this to yourself, Keefe?”

He gave her a cold look then smirked. “What is it to you?” malamig pa sa yelo nitong tugon.

“Keefe, stop this. Kung galit ka sa ’kin, then go ahead, hurt me.” She winced when she felt a sharp pain down her sole. Naapakan niya ang bubog na nagkalat sa sahig.

“Naku, Ma’am, nasugatan po kayo!” Nataranta ang kasambahay, hindi malaman kung lalapit o hindi.

Itinaas niya ang kamay para iparating dito na okay lang siya. Natigilan naman ang lalaki nang makitang nagdurugo ang paa niya, hindi na ito tumutol nang akayin niya ito paakyat sa kanilang silid. Agad niyang nilapatan ng first-aid ang sugat, hindi alintana ang hapdi dahil ang isip niya ay nakasentro sa asawang

tahimik na nakaupo sa kama.

"You're careless," aanghang nitong komento.

"I'm okay, Keefe. This…" Tinitigan niya ang sugat, "…won't kill me."

*You will,* sabad ng isip niya.

Hindi na ito nagsalita bagkus ay nahiga sa kama, wala nang plano pang makipag-usap. Napahugot na lang siya ng malalim na hininga. Humapdi ang lalamunan niya sa pinipigil na luha.

*I'm not going to cry*.

Wala sa loob na lumipad ang tingin niya sa kalendaryo. Malakas siyang napasinghap. Ngayon pala ang araw ng anibersaryo nina Keefe at Leng. She did not fight the tears anymore. Isinubsob niya ang mukha sa puting unan at tahimik na lumuha.

---

Nakatunghay si Shammy sa bagong sanggol na nakahiga sa baby crib. Humugot siya ng hininga at pinuno ng hangin ang dibdib. Emotional torture talaga ang ikamamatay niya, for sure. Likas siyang mahilig sa bata. When she was little, nangarap siyang magkaanak at the age of twenty. Funny, ngayon twenty-two na siya, pero wala pa ring anak despite

the fact na dalawang taon na siyang kasal.

Sinundut-sundot niya ang dulo ng paa ng sanggol. Gusto na niyang umiyak. Bakit ba kasi sa dinami-rami ng ward ay dito pa siya sa Nursery na-assign?

"Hey, are you okay?"

Bahagya siyang napapitlag nang biglang may magsalita. "Doc Jessica, ikaw pala. Papatayin mo ba ako sa nerbiyos?" Sapu-sapo niya ang dibdib.

Marahan itong natawa. "You should see my brother to have your heart checked, masyadong mahina ang puso mo, eh." Ob-Gyne ito at ang sinasabi nitong kapatid ay doktor sa puso.

"Itong si Doc, nagpapatawa. Nagulat lang ako kasi tutok na tutok ako sa bagong panganak na baby." Ngumiti siya habang pinagmamasdan ang sanggol.

"Bakit ba kasi hindi pa kayo nagkaka-baby ng asawa mo?"

Nagtama ang paningin nila ng doktora. Siya ang unang nagbawi ng tingin. "M-masyado pang maaga."

"Shams, you're not getting any younger. God! You don't wanna wake up one morning and regret your life, do you? Kung hindi ka lang talaga may asawang

tao ay matagal ko nang pinagduldulan sa iyo ang kapatid ko," ani Jessica habang pilyang nakangisi.

"Ikaw talaga, Doc Jes. Napakapilya mo, ever."

Kumindat pa ang doktora. "Halika puntahan natin ang brother dear ko. Guwapo 'yon, promise." Maluwang ang pagkakangiti nito, iyong tipong nanunukso.

Pinandilatan niya ang kaibigan. "Ano ka ba, Doc. May asawa ako, 'no!"

Napahagikgik ito at bahagyang tinakpan ang bibig. "Hay naku, Friend, type talaga kitang maging sister-in-law."

Napailing-iling na lang siya sa tinuran nito. Hindi pa niya nakikita ang kapatid nito pero madalas nitong ibida na saksakan daw ng gandang lalaki at talino ang kapatid. Hayagan din nitong sinasabi sa kanya na gusto siya nito para sa kapatid kung wala siyang asawa.

"Not meant to be, Doc," naaaliw niyang sabi.

"Excuse me, Dr. Alcantara, kailangan po kayo sa Delivery Room," putol ng isang nurse sa kanilang pag-uusap. Nakasungaw ang ulo nito sa pinto at palipat-lipat ang tingin sa kanilang dalawa.

Tumango ang doktora sa nurse bago siya binalingan.

"Shammy, alis muna ako. Alam mo na, duty first. Next time na lang natin guluhin ang baby brother ko," lukot ang ilong nitong paalam.

"No problem, kahit huwag na nga, eh," biro niya sa kaibigan. Lumabi lang ito at lumabas na ng Nursery.

---

"Saan ka nanggaling?" Matalim ang tinging ipinukol sa kanya ni Keefe. Nakatayo ito sa corner bar ng kuwarto nila, mahigpit ang pagkakahawak sa bote ng alak na nangangalahati na ang laman.

"Sa ospital. Afternoon shift ako ngayon. Hindi ko ba nasabi sa iyo?" Natatakot siya sa poot na nasasalamin sa mga mata ng asawa.

"You could've called, damn it!" Binalot ng galit na tinig nito ang buong silid.

Napaurong siya sa lakas ng boses nito. "K-Keefe, nawala sa isip ko. Sobrang busy kanina—"

"How many times do I have to tell you na hindi mo kailangang magtrabaho?" Mabilis itong nakalapit sa kinatatayuan niya and brusquely held her arms.

Napaigik siya sa sakit. "K-Keefe, nasasaktan ako," aniya sa nanginginig na tinig.

Tila natauhan ito at binitawan ang braso niya. "I'm sorry," hinging paumanhin nito pagkatapos ay kinabig siya at mariing siniil ng halik.

Hindi man niya inasahan ang ginawa ng asawa ay natagpuan niya ang sariling tinutugon ang halik nito. She heard him groan pagkatapos ay umangat siya sa ere. Iyon pala ay binuhat na siya nito. He settled her on the bed at nagmamadaling hinubad ang mga saplot nila. Hinalikan nito lahat ng sulok ng katawan niya, sinamba at pinagpala siya nito.

"I've been dying to make wild love with you the whole day," anas nito between kisses. "It took forever bago ka dumating. I thought I'd die waiting," he added huskily.

"Sorry—"

"Hush, Baby. Don't say a word. Just feel. Feel me. Want me the way I want you." Nakalarawan ang matinding pagnanasa sa nag-aapoy nitong mga mata. He parted her thighs and positioned himself between her legs. Umalpas ang isang malakas na ungol when he thrust his full length inside her. Walang kapantay na sarap at ligaya ang sumunod na mga pangyayari.

He took her to a place filled with milk and honey.

Nang humupa ang init ay walang may nagsalita.

*This is the hardest part*, she thought.

The part after the act. Kapag wala na ang nakaliliyong mga halik, wala na ang maiinit na yakap, at wala na ring matatamis na salita. She turned toward him. Nakahiga lang si Keefe, blangkong nakatingin sa kisame.

"Will you please stop staring at me?" marahang sita ng lalaki.

Agad niyang binawi ang tingin. She looked the other way. She felt him siting down and pulling out the drawer to take something from it. Nakaamoy siya ng sigarilyo.

Tumayo na rin siya at isinuot ang roba. Papasok na siya ng banyo when he spoke.

"Hey, are you safe tonight?"

Nilingon niya ito. She didn't get the message at once.

Pinatay nito ang nangangalahating stick sa ashtray bago nagsalita. "I forgot to use protection. I could get you pregnant."

Nainsulto siya sa sinabi ng asawa. Pakiramdam niya ay natatakot itong mabuntis siya.

"Well, luckily, I'm safe," mapait niyang sagot at tumuloy na sa banyo. Sinigurado niyang naka-lock ang pinto. Binuksan niya ang gripo bago pinakawalan ang tinitimping luha para huwag marinig ng asawa ang pag-iyak niya.

---

Maaga siyang nag-report sa ospital kinabukasan. Alas dos pa ng hapon ang pasok niya pero alas diez pa lang ay nasa Nursery na siya, nagmumukmok lang sa isang tabi.

"I'm worried about you. We have to talk. Seriously," derechong saad ni Jessica.

Hindi na siya kumontra pa. Higit kailanman ay ngayon niya kailangan ang kaibigang tulad nito. Tumuloy sila sa clinic nito at inilagay nito sa 'The Doctor is Out' ang sign sa labas ng pinto bago ito umupo sa naroong couch at tinitigan siya sa mga mata.

"The way I see you now, hindi ako magtataka kung bukas makalawa ay nasa psych ward ka na. I'm a friend, Shammy."

Doon na siya napahagulgol. "Ang sakit-sakit na, eh."

"Tell me everything to lessen the load. You can trust me, Shams." Pinisil nito ang nanginginig niyang kamay.

# 2

*"Para sa dalawa kong kaibigan na malapit nang ikasal, cheers!" Itinaas ni Shammy ang hawak na beer mug.*

*Kababata niya si Leng, kapwa sila tubong Bacolod. Lumuwas sila ng Maynila para mag-college. They were in their freshman year when they heard about the 'ultra-popular' Keefe Falcon.*

*He looked like some man who got out straight from a men's magazine. With his perfect body with sinfully handsome features, he was every woman's dream. Noon ay senior student na ito. Leng got to know the man first at nang makilala ito ni Shammy ay magkasintahan na ang dalawa.*

*Palihim niyang sinulyapan ang magnobyong Keefe at Leng. An evil smile formed on her lips nang masigurong lasing na ang dalawa.*

*"Lasing na yata ako, Shams." Natapon sa damit ni Leng ang laman ng hawak na mug.*

*"Hina mo naman, akin na nga 'yan." Kinuha niya ang beer mug mula rito at inilapag iyon sa mesa pagkatapos ay binalingan si Keefe. "Keefe, ikuha mo nga ng shirt 'tong si Leng sa kuwarto ko," utos niya.*

*"No problem, basta para kay Labs." Pasuray-suray ang lakad nito at ilang beses ding muntikan nang matumba.*

*"Leng?" Niyugyog niya sa balikat ang dalaga. Knock out na ito. "Sorry, Friend, malas lang at parehong lalaki ang mahal natin," sabi niya habang inaayos ang pagkakahiga ng kaibigan sa couch.*

*Kaagad niyang sinundan sa kuwarto si Keefe. Nadatnan niya itong nakahiga sa kama. Lumapit siya at hinaplos ang mukha nito.*

*"Akin ka lang, Keefe," bulong niya sa tainga nito.*

*Umungol ito at bahagyang iminulat ang mga mata. His eyes narrowed na tila kinikilala kung sino siya bago matamis na ngumiti. Kinabig siya nito sa batok at siniil ng halik sa labi.*

*Mariin siyang napapikit. Gagawin niya ang lahat mapasakanya lang si Keefe. Matagal na panahon niya itong inalagaan sa puso niya. Ito ang dahilan kung bakit nakukumpleto ang araw niya. He was everything her heart needed. Marubdob niyang ginantihan ang mga yakap at halik ng binata. Buong puso niyang ibinigay ang lahat-lahat sa lalaking tanging nagmamay-ari ng puso niya.*

*Malakas na sigaw ang gumising sa kanila*

*kinabukasan. Nakatayo sa harapan nila ang mommy at daddy niya, kasama ng mga ito ang luhaang si Leng. Nagbunyi ang puso niya, tagumpay ang plano. Alam niyang dadalawin siya ng mga magulang ngayong araw kaya sinadya niyang ito ang mabubungarang tagpo ng mga ito, siya at si Keefe magkatabi sa kama at kapwa hubad sa ilalim ng kumot.*

*Knowing her dad, konserbatibo ang pananaw nito sa buhay kaya nasisiguro niyang sa kasalan mauuwi ang lahat.*

---

"So, heto ako ngayon. I love him too damn much, but he hates me. I can't blame him, kasalanan ko ang lahat. Masyado akong naging selfish." Namumugto na ang mga mata niya pagkatapos ng mahabang salaysay.

Jessica gave her a comforting pat on the shoulder. "The way I see it, you're a reformed person now. Hindi ko nga mapaniwalaan na ang babaeng ikinukuwento mo at ang kaharap ko ngayon ay iisang tao."

"Alam kong mali ang ginawa ko, Jes. Pero nagawa ko lang 'yon dahil sa sobrang pagmamahal ko sa kanya." Laglag ang mga balikat niya. "Does that make me an evil person?"

Umiling lang ito. “Ano ngayon ang plano mo?”

She shrugged her shoulders. “I don’t know. Hindi ko pa rin talaga kayang mawala siya sa ’kin.”

Hinagod nito ang likod niya. “You’re going to be okay, Shams. Ganito na lang, treat kita sa labas mamayang lunch.”

Shammy shot her a ludicrous stare. “Ano’ng tingin mo sa ’kin, ha? Batang susuhulan lang ng candy para tumahan?” Nakangiti siya bagaman matamlay pa rin.

Kahit papaano ay gumaan ang pakiramdam niya dahil may napagsabihan siya ng mga kinikimkim na sama ng loob at problema sa buhay.

“Sorry, wala na kasi akong maisip para mapangiti ka, eh,” nahihiyang pag-amin nito.

“Sige, lunch mamaya treat mo. Sa labas, ha.”

Nagliwanag ang mukha ng doktora. “Oo, bah!”

---

“Leng? Ikaw nga ba ’yan?” Gustong makasigurado ni Keefe kahit alam na niyang si Leng nga ang babaeng kalalabas lang ng *El Pacific Industries*, isang Design and Construction Company.

Bahagya itong natigilan bago sumilay ang isang

magiliw na ngiti sa labi. "Keefe! My God, what are you doing here? You work here?"

"Nope. I own the company. May meeting ako around one."

Her eyes grew wide and her mouth dropped open. "Wow, what can I say? Hindi na ako dapat masorpresa pa. I know you're filthy rich, Mr. Falcon," abot-tainga ang ngiti nitong saad sabay angat sa kamay para i-check ang oras. "12:30 na pala. Sayang, I was hoping that we could chat a bit longer. Tagal din tayong hindi nagkita, 'no?"

"I can always tell my manager to chair the meeting." Lihim niyang sinuri ang kabuuan ng dating nobya. Walang masyadong nagbago rito. Inosente pa rin ang mukha nito ngunit hindi na niya maramdamang attracted pa siya rito.

"That's great, Mr. Falcon! So, can we eat outside?" excited nitong anyaya.

"Ah, sige."

Mabilis na umabrisiete sa kanya si Leng at matamis na ngumiti.

---

Gustong sumabog ng dibdib ni Shammy habang

pinapanood kung gaano kasayang nag-uusap ang asawa at ng ex-girlfriend nito. Gusto niya tuloy pagsisihan kung bakit nagpunta-punta pa siya sa *101 Hawker Food House* para sa lunch nila ni Jessica.

"Siya ba ang asawa mo?" tanong ni Jessica na nakatuon ang pansin sa parehang lihim niyang pinagmamasdan.

"Wala nang iba," mapait niyang sabi. Tila dinidikdik sa sakit at panibugho ang puso niya.

"Tara, umalis na tayo," yakag ng doktora.

"No, we're not leaving." Determinado siyang harapin ang multo ng kahapon. Hindi puwedeng habang-buhay niyang katakutan ang mga nakalibing na agam-agam sa kanyang dibdib.

"Teka, ano'ng gagawin mo?" Pigil-pigil ni Jessica ang kamay niya.

Binalingan niya ang kaibigan. "I'll be fine. Don't worry. I need to do this… for my own peace of mind."

She pulled herself together at nag-plaster sa labi ng isang ngiti bago lumapit sa dalawa.

"Hi! Puwede rin ba akong makisalo?" atubili niyang saad.

Halatang nagulat ang dalawa.

"Not a problem, Shammy. Grab a seat," ani Leng.

"L-Leng, I never really got the chance to say I'm sorry—"

"Don't bother," putol nito sa sasabihin pa niya. "Tanggap ko na ang lahat at matagal na kitang napatawad."

Sandali siyang napipilan. Nanubig agad ang mga mata niya. Tila libu-libong toneladang bigat ang naalis sa kanyang katawan. Mariin niyang pinisil ang mga kamay ng kaibigan.

"Hey, no crying," biro nito.

"Thank you so much, Leng," buong-puso niyang pasasalamat. She flashed Leng and Keefe her sweetest smile at bahagya pang suminghot. "Kailangan ko lang mag-CR. Excuse me."

"Sasamahan na kita," saad ni Leng.

Mabilis siyang naghilamos pagkapasok sa loob ng banyo. Nilinis niya ang mukhang hilam sa luha.

Leng stood behind her. Nakamasid lang ito sa bawat galaw niya. Nakataas ang isang kilay nito at matalim ang pagkakatitig sa kanya.

"Is something wrong?" tanong niya nang masulyapan ito mula sa salamin sa kanilang harapan.

Tumaas ang sulok ng mga labi nito. "You really think na ganoon lang kadali kitang patatawarin, Shammy? Wala sa bokabularyo ko ang mga katagang 'forgive and forget'," asik nito, nag-aapoy ang mga mata.

Marahas siyang napasinghap, walang maapuhap sabihin. She was dumbfounded.

"May the best woman win," maanghang nitong hamon sabay talikod pero bago pa ito tuluyang makalabas ay napigilan na niya ito sa braso.

"Don't do this, Leng," samo niya.

"Bakit? Natatakot ka dahil alam mong mahal pa rin ako ng asawa mo? I'll tell you a little secret, Shammy. Alam mo bang matagal na kaming nagtatagpo ni Keefe? Nabanggit ba niya sa 'yo iyon? Malamang hindi."

She inhaled roughly. Pakiramdam niya ay tinutusuk-tusok ng sandaang karayom ang puso niya. Pilit niyang pinatatatag ang anyo but at cellular level ay nagpa-panic na siya at tinutupok na ng samu't saring emosyon.

“No, it’s… it can’t be true.”

Ngisi lang ang naging tugon nito. Dali-dali siyang lumabas ng banyo. Agad niyang nilapitan ang asawa.

“Let’s go home,” yaya niya, balisa ang hitsura.

Nagsalubong ang mga kilay nito. “What happened?”

“Gusto ka niyang agawin sa akin!” sabi niya, almost hysterical.

“What are you talking about? Di ba nagkaayos na kayo? God, Shammy, spare me the drama.”

“Maniwala ka sa ’kin, Keefe!”

“Shammy, stop this nonsense.”

Nangatal ang katawan niya. Ramdam niya rin ang panginginig ng mga labi. Her hands and feet felt cold, animo inilublob sa tubig na puno ng yelo. She let out a defeated sigh at nilisan ang naturang lugar. Nakalimutan na niyang kasama niya ang kaibigang doktora.

---

Inaasahan na ni Keefe na madaratnang lango sa alak ang asawa. Namumula na ang balat nito at namumungay na rin ang mga mata, indikasyong

marami-rami na rin itong nainom.

“Gaano na kayo katagal na nagkikita ni Leng?”

Hindi siya nagsalita. Lasing si Shammy, hindi nito alam ang sinasabi.

“Speak up! Talk!” Dinuro-duro nito ang dibdib niya.

“You’re drunk, Shammy. Sleep and we’ll talk tomorrow.”

“No! Let’s talk now!” singhal nito, namumula ang mukha.

Bumangon ang inis sa dibdib niya. “What do you want to hear? Na matagal na kaming nagkikita? Na mahal ko pa rin siya? Listen well, my dear wife, because the answer is yes!” Natigilan siya nang makita ang pagguhit ng sakit sa magandang mukha nito.

Mapait itong ngumiti. “Si Leng pa rin talaga, Keefe. All these years siya pa rin talaga. I just have one question left.” She heaved a sigh. “Kahit minsan ba, kahit kaunti lang... nakuha mo rin ba akong mahalin?” Garalgal ang boses nito at nanginginig ang labi.

Hindi niya malaman kung paano ito sasagutin.

Nanatiling nakatikom ang bibig niya. He saw how pain took over her face.

"At least alam ko na ngayon na ni minsan hindi ako nagkapuwang sa puso mo." Bagsak ang balikat nitong lumabas ng silid.

Ilang minuto na itong wala sa harap niya pero nakatingin pa rin siya sa nakapinid na pinto. Gusto niya itong sundan at humingi ng dispensa. Dahil hindi totoo ang mga sinabi niya rito.

No, hindi sa wala siyang nadama rito ni katiting. Pero hindi niya alam kung ano ang nararamdaman niya para rito.

*Awa,* he decided.

Right, naaawa siya sa asawa because she was a good wife to him. At siya, he was never a good husband to her. Actually, he was not a husband to her at all.

---

"Hi!"

Napalingon si Shammy. Ang alam niya ay siya lang ang tao sa balkonahe na iyon ng ospital. Siya ba ang kausap ng guwapong nasa harap niya ngayon?

Mukhang nabasa nito ang iniisip niya.

"You don't know me, not yet anyway. Ikaw si Shandrea Margaret, right?"

Marahan siyang tumango. "Please call me Shammy."

"I'm Dr. Janus Alcantara, brother of Dr. Jessica." He extended his hand.

Tinanggap niya ang pakikipagkamay nito. Ito ba ang sinasabi ni Jessica na kapatid nito? May rason pala talaga ito para ibida ang binata.

"Sinabi niya sa aking kausapin kita dahil malaki ang problema ng puso mo," anito.

"The clinical heart or the loving heart?" wala sa sarili niyang tugon.

Lumarawan ang pagkalito sa guwapo nitong mukha. "The clinical heart, I suppose."

"Well, that one is perfectly fine. Ang loving heart ko ang sugatan, Dr. Janus." Bumalatay ang sakit sa mga mata niya. Tila nataranta ito nang makitang nalungkot siya.

She heard him curse his sister under his breath. "I'm sorry, Shammy. I didn't know the real problem

until now. Pipilipitin ko talaga ang leeg ng kapatid kong iyon."

"It's okay."

"Since nandito na rin lang ako, puwede bang makipagkaibigan na lang ako sa iyo?" Matamis itong ngumiti na sinuklian niya rin ng ngiti.

"Sure, Doc."

---

Nakasandal sa hamba ng pintuan ng kuwarto si Keefe. Madilim ang mukha nito.

"Excuse me," walang emosyon niyang saad at tuluy-tuloy na pumasok. Agad siyang nag-shower at nagpalit ng pantulog. Nakaupo na sa couch ang asawa nang lumabas siya ng banyo, his eyes following her movements.

Napatingin silang pareho sa cellphone niya nang tumunog iyon. Umaliwalas ang kanyang mukha nang makita ang pangalang rumehistro sa screen.

"Doc Janus! Yeah, I'm home. Safe and sound. Yep, good night." Ipinasok niya sa bag ang phone at nahiga sa kama.

"Who's Janus?" galit nitong tanong.

"You don't know him," simple niyang sagot at naghikab para iparating ditong inaantok na siya. Ngunit bago pa niya maipikit ang mga mata ay hinaklit na nito ang braso niya. Napilitan tuloy siyang tumayo.

"Ano ba? I'm dead tired! All I want right now is to have a good night sleep!" asik niya.

"Nuh-uh, Shammy. You're not going to sleep on me 'til you've explained things!" sigaw nito, pulang-pula ang mukha.

Iwinaksi niya ang kamay nito na nakahawak sa braso niya.

"What's there to explain? Doktor siya sa ospital, okay?"

"Is he courting you?" Nagbubuga ng apoy ang mga mata nito.

"Of course not! Ano bang klaseng tanong—"

Naputol ang sasabihin niya sana nang walang babalang kinuyumos siya nito ng halik. Halos mapunit na ang mga labi niya sa paraan nito ng paghalik sa kanya. Ngunit mayamaya ay nag-iba na ang paraan nito. Naging malumanay, masarap, mabini at mapaghanap. Bugso ng damdamin ay

tinugon niya ang mainit nitong halik. Isang tawag ang pumutol sa paghahalikan nila. This time, it was Keefe's phone.

"Si Leng mo," mataray niyang pasaring bago lumabas ng kuwarto.

"Where are you going, Shammy?"

"Bigla akong nagutom." Iyon lang at umalis na siya. Ang totoo ay ayaw niya lang marinig ang usapan ng dalawa.

Nakakadalawang tasa na siya ng kape pero ayaw pa rin niyang bumalik sa taas.

"What are you doing here, my dear wife?"

She literally jumped off her seat sa gulat. "Keefe, gusto mo ba akong ma-heart attack?"

Hindi ito nagsalita bagkus ay tumabi sa kanya. He planted wet kisses on her bare shoulders.

"Ano… ano ba'ng ginagawa mo, K-Keefe?" Nagsitayuan yata lahat ng balahibo niya sa katawan.

"I want to make passionate love with you tonight." Pinagapang nito ang halik sa makinis niyang leeg habang pinipisil ng palad nito ang tagiliran niya.

"Stop it, Keefe. Bakit hindi na lang si Le—"

"Cut that out, Shammy. I don't want to spoil our night."

*Our* night! She was part of him for the first time and she felt an overwhelming joy.

"Oh, Keefe!" She let go of her inhibitions and encircled her arms around his neck, marubdob na tinugon ang mga halik at yakap nito. She wanted him to own her. Gusto niyang muling magpaangkin sa lalaking labis na iniibig. Magkahugpong pa rin ang mga labi nila habang dahan-dahan siya nitong ipinuwesto sa mesa.

He parted her thighs at hinimas ang makinis niyang balakang. She gasped aloud nang maramdaman ang pagdausdos ng labi ng asawa pababa sa kanyang leeg hanggang sa puno ng kanyang dibdib. He clutched at her breast and nipped on it gently while grinding himself against her. Pinaliguan niya ng halik ang mukha at leeg nito. Maging ang mga kamay niya ay naging pangahas sa pagtuklas sa katawan ng lalaki. Mabilis na nahubad ang mga saplot nila sa katawan. He settled on the dining chair and carried her with him. She sat astride him and guided his shaft into her femininity.

"Shammy!" Animo nasasaktan ang anyo nito. He pulled her hair at ito na mismo ang unang gumalaw.

He plunged inside her, slamming himself with each powerful thrust.

"Keefe! P-please, bigyan mo ako ng anak." She bit his shoulder.

Right then, the motion stopped.

"Keefe?" Napilitan siyang imulat ang mga mata. She saw him staring at her, blangko ang ekspresyon ng mukha.

"Magbihis ka na, Sham." Binuhat siya nito at itinayo bago dinampot ang sariling mga damit at walang imik na umalis.

She was robbed of speech. Napahiya siya sa sarili. Naupo siya sa paanan ng mesa. Shammy hugged her knees and cried silently.

---

"What are you doing and what is the meaning of this bullcrap?" Keefe's eyes emanated dire anger. Nanlilisik ang mga mata nito sa galit.

Shammy simply shrugged her shoulders. Ni hindi niya tinapunan man lang ng tingin ang asawa. Patuloy lang siya sa pag-eempake. Marahas itong lumapit at kinuha ang maleta niya. He drastically threw it against the wall.

“God damn it! Answer me!” Niyugyog nito ang magkabila niyang balikat.

“I’m leaving you, Keefe. Happy?” Pilit niyang itinago ang emosyon sa blangkong ekspresyon.

“Say that again!” Dumagundong ang boses nito sa kabuuan ng silid.

“I’m giving you back your freedom.” Kinuha niya ang maleta sa sahig na binagsakan niyon at inilapag iyong muli sa kama.

“You are not doing this to me, Shammy.” Mahinahon na ang boses nito subalit mariin ang bawat kataga.

Matiim niyang tinitigan ito. She took a deep breath. “Why? Dapat maging masaya ka dahil malaya ka na. We wasted enough time. Dalawang taon, Keefe, before I finally got the courage to let go.” She paused para payapain ang bumabangong hapdi sa puso niya. “Isa lang ang hihilingin ko, your cooperation.” She zipped the bag close at nilampasan ang lalaki pero mariin nitong nahawakan ang kamay niya.

“You’re not going anywhere, my dear wife.” Marahas siya nitong binitiwan. “I’m telling you susundan kita kahit s’an ka magpunta pag ginawa mo iyan. Ibabalik kita dito if I have to drag you back

kicking and screaming. Subukan mo akong iwan at ikukulong kita sa bahay na ’to. And to hell with your job kapag nangyari iyon.” Iyon lang at walang paalam itong umalis.

Nahahapong napaupo siya sa kama. Agad na bumagsak ang masaganang luha mula sa kanyang mga mata.

Truth was, ayaw niya talagang pakawalan si Keefe. Hindi pa siya handa. She loved him too much to let go subalit kailangan na niyang lumayo rito.

She needed to do the first step kung gusto niyang maka-move on. Pinayapa niya ang sarili. She roamed her eyes around the room bago masakit sa loob na nilisan iyon.

---

“I’m happy for you, Shams. You’re finally over him.” Jessica gave her a warm smile at bahagyang pinisil ang kamay niya.

Nasa cafeteria sila ng ospital na pinagtatrabahuhan nila.

“What is there to be happy about?”

Sabay na napalingon ang dalawang babae sa lalaking galit na nagsalita. Jessica paled. Shammy

subtly quivered. Sino ang hindi matatakot sa asawa niya na nagbabadya ng di matatawarang poot ang mga mata? Sa taas na anim na talampakan at sa laki ng katawan nito, kayang-kaya nitong sabay silang tirisin ng kaibigang doktora.

"K-Keefe, ano'ng ginagawa mo rito?" she stammered.

Matiim siyang tinitigan ng asawa before he grabbed a seat and made himself comfortable.

"Didn't I tell you that you're not going anywhere? Sinuway mo ako. You have to pay for your ill-actions," malamig nitong saad.

Shammy stared at Jessica bago ibinalik ang tingin sa asawa.

"Go get your things," matigas na utos ni Keefe sa kanya.

"I am not going anywhere with you, Keefe. May trabaho pa ako. Excuse us." Akmang tatayo na siya nang sarkastiko itong tumawa.

"Work? The last time I checked wala ka nang trabaho. You lost it about…" Sinulyapan nito ang relo, "fifteen minutes ago."

Agad na namilog ang mga mata niya. Her mouth

dropped open, maging ang katabing si Jessica ay nagulat. Napaling siya sa babae.

"I'll… I'll just get my stuff," she uttered in a resigned tone.

"I'll wait here, Wife. Don't be long."

---

Habang pauwi ay walang imikan sa loob ng kotse ang mag-asawa. Nakatanaw lang siya sa daan habang nasa pagmamaneho ang buong atensyon ni Keefe. She threw a glare at her husband sitting next to her. Hindi niya alam kung ano ang problema nito. Ito na nga ang pinapalaya mula sa kulungang kinasadlakan nito subalit parang ito pa ang galit.

She heaved a sigh, took out her cellphone at nagpipindot para abalahin ang sarili. Hindi na niya namalayang nakahimpil na pala ang sasakyan nila sa garahe. He was now gazing at her.

"Ano?" Pasimple niyang ibinalik sa bag ang cellphone.

"Magbabakasyon tayo sa Bacolod para makita mo ang parents mo," walang emosyon nitong saad makaraan ang ilang minuto. "Pumasok ka na sa bahay. Magpapahinga muna tayo bago magbiyahe.

Kung gusto mo, dagdagan mo iyong nakaempake mo nang gamit sa kotse."

Marahas siyang napalingon dito. Napaawang ang bibig niya.

"Are you joking?" Hirap na hirap siyang ilabas ang katanungan dahil baka sabihin nga nitong nagbibiro lang ito. She kept her fingers crossed.

"Do I look like I'm joking to you?"

"No! Not at all." Hindi na niya naitago ang sobrang saya at excitement na nararamdaman. "Tatawagan ko sila."

"No need. They're already expecting us. Kahapon ko pa sila tinawagan." Pinisil nito ang kamay niya.

Agad na kumabog ang dibdib niya na tila may naghahabulang pusa at daga sa loob ng kanyang puso.

*Lord, please gandahan Mo pa po ang mga susunod na eksena,* pipi niyang usal.

Sinalubong niya ang matiim na titig nito. Their gazes locked. May nahuli siyang kakaibang kislap sa mga mata nito before he slowly bent his head to claim her lips. Banayad ang paraan ng paghalik nito sa kanya. There was something else in his kiss, may

pag-iingat at pagkalinga. Kung sana ay mahal siya ni Keefe, siya na siguro ang pinakamasayang babae sa mundo. Naputol ang pagdaloy ng mga bagay-bagay sa isip niya nang bigla na lamang itong lumayo at marahas na bumuntong-hininga.

"Why do you have to cry, Shammy?" His jaw clenched and unclenched.

Sinapo niya ang pisngi at nagulat siya nang matuklasang basa ng luha ang pisngi niya. She was crying at hindi man lang niya napansing umiiyak na pala siya. Binalot siya ng ibayong emosyon.

Umiling lang siya. Hindi na ito nagpumilit na alamin ang dahilan ng pagluha niya.